



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Disyembre 14, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

Ang Programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin ay nagbibigay-daan para sa makabagong proyekto ng microgrid na solusyon

Proyekto para mabawasan ang mga emisyon ng gas ng greenhouse ng Bay Area

SAN FRANCISCO - Iginawad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang isang garantiya sa utang sa Gridscape Solutions, isang developer ng renewable energy microgrid solutions sa California.



Kasama sa microgrids ng Gridscape ang maraming teknolohiya kabilang ang mga solar panel at sistema ng imbakan ng lithium-ion na baterya para makapagbigay ng renewable na kuryente, malinis na pang-emergency na backup na kuryente at grid resiliency. Bumuo ang Gridscape ng pagmamay-ari at matalinong software na tinatawag na EnergyScope™, isang sistema ng pamamahala ng tagatulong sa pagbabahagi ng enerhiya na nagpapahusay sa mga microgrid asset at sumusuporta sa backup na kuryente at islanding.

“Nasasabik ang Distrito ng Hangin na suportahan ang mga solusyon sa malinis na enerhiya gaya ng mga lokal na microgrids at umaasa kaming makita ang makabagong diskarte na ito sa Bay Area at higit pa,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Mapapabilis ng proyektong ito ang pagbawas sa emisyon ng gas ng greenhouse at makakatulong na makamit ng Bay Area ang mga layunin sa pagprotekta sa klima ng rehiyon.”

“Ang programang Climate Tech Finance ay isang makabago at proaktibong programa na hindi lang nagbibigay ng mahalagang suportang pinansyal para sa mga papalaking kumpanya gaya ng Gridscape, itinataguyod din ang aming solusyon sa pamamagitan ng kumplikadong kwalipikasyon at pagbibigay-kamalayan sa merkado,” banggit ni Vipul Gore, Pangulo at CEO ng Gridscape Solutions. “Labis akong nagagalak sa Distrito ng Hangin at sa koponan ng Climate Tech Finance nito sa pagsama sa amin sa programa nito at pagtulong sa aming paglaki.”

Ang garantiya sa utang na ito ay ang pangalawang proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at sa Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang kwalipikasyon sa teknolohiya at pagsusuri sa gas ng greenhouse, kung saan natukoy na kwalipikado ang Gridscape para sa isang 90 porsyentong garantiya sa utang. Ang garantiya sa utang na ito ay sinusuportahan ang Gridscape sa pagtiyak ng linya ng credit sa River City Bank.

“Ang mga samahang nabuo namin para makahikayat ng mas abot-kayang pagpinansya para sa mga proyekto ng malinis na enerhiya ay natatangi at kinakailangan para matulungan ang estado na maabot ang mga layunin nito sa pagbawas sa gas ng greenhouse,” ibinahagi ni Scott Wu, Tagapagpaganap na Direktor ng IBank. “Umaasa kaming ito ang pangalawa sa maraming proyektong pinansyal na paparating.”

“Umaasa ang Nor-Cal FDC na makatulong sa maraming makabagong kumpanya, gaya ng Gridscape, makakuha ng access sa kinakailangang kapital,” sagot ni States Sanford Livingston, CEO ng Northern California Financial Development Corporation. “Ikinagagalak naming sabihin na ang Programang Garantiya sa Utang ng Estado ng California ay naging mahalagang kasosyo sa programang Climate Tech Finance sa pamamagitan ng pagbibigay ng aktuwal na garantiya para sa utang.”

Ang pangunahing pagpapahalaga ng [Climate Tech Finance](#) ay suportahan ang mga inobatibong proyekto sa klima at tinitiyak ng pagsusuri ng gas ng greenhouse ng Air District na mababawasan ng mga bagong teknolohiya ang panandalian at pangmatagalang emisyon ng gas ng greenhouse. Nagtuon ang [Gridscape Solutions](#) sa pag-deploy ng state of the art na Microgrid na may mga EV charging solution na may layong mabawasan ang pangkalahatang gastusin sa enerhiya para sa isang site at pagbibigay ng backup na malinis na pang-emergency na kuryente sa panahon ng Mga Pampublikong Pagkawala ng Kuryente o iba pang kaganapan ng pagkaantala. Ang microgrid system ng Gridscape, na napatunayan sa mahigit 15 kamakailang pag-install ng microgrid sa mga pasilidad ng munisipyo at pangkomersyal ng California, ay nanguna sa diskarteng nakatuon sa produkto ng isang microgrid. Ang sistemang Gridscape Microgrid BESS (“Microgrid-in-a-box”) ay naglalaman ng lahat ng kinakailangang paunang na-assemble na hardware at software (EnergyScope) sa isang outdoor rated enclosure na nagbibigay-daan sa pag-install ng mas malaking bilang ng mga microgrid sa California sa malapit na panahon. Ang mga proyekto ng Gridscape ay tinatayang makakabawas ng 2,200 metric ton ng emisyon ng katumbas ng carbon dioxide kada taon.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)